# Problema Ko Si Nanay

Sinopsis:

May lihim si Sid, problema niya ang kaniyang nanay na isang titser. Maraming hindi puwedeng gawin kapag titser sa paaralaan ang nanay. Problema rin ni Sid ang subject na Math. Hindi niya ito masabi ng kaniyang nanay na titser din sa Math. Maraming pagkakataon na inuuna ng kaniyang nanay ang mga mas batang mag-aaral nito. Sa loob ng pitong taon ng pag-aaral niya sa elementarya, kasama niya ang kaniyang nanay papasok at pauwi sa paaralan. Sa mga taong ito, natutuhan ni Sid na gumawa ng mga paraan—mga aralin sa buhay na tumulong sa kaniyang upang maging isang responsableng anak.

"Suwerte mo, Sid, titser ang nanay mo!"

Madalas ko itong marinig sa mga kaklase ko.

Naisip ko, nasaan ba ang suwerte ko sa nanay kong isang titser sa paaralan kung saan din ako nag-aaral?

Sa atin lang ito, ha?

Ang totoo, problema ko si Nanay, kasi isang titser siya.

Alam mo ba kung paanong magkaroon nanay na isang titser?

Sa umaga, kasabay na niya akong pumasok sa paaralan.  Kailangang sumabay na ako sa kaniya.

Ang problema ko, si Nanay lagi ang pinakauna są paaralan.  Siya ang nagbubukas ng malaking gate sa aming paaralan.  Kaya ako rin ang pinakaunang bata.

Gusto ko sanang hilingin minsan kay nanay, na huwag sanang napakaaga naming pumasok sa paaralan. Pero alam ko na naman ang sasabihin niya.

"Gawan lagi natin ng paraan na di tayo mahuli sa pagpasok sa paaralan.  Kailangang maunahan natin sa pagtilaok ang manok."

Mahirap ding magkaroon ng titser na nanay.  Hindi niya ako binibigyan ng baong pera.

Lagi niyang sinasabi, "Kapag may kailangan ka, puntahan mo lang ako sa klasrum ko, Anak."

Ano ba ang pakiramdam na binibigyan ng baong pera sa paaralan?  Ano ang pakiramdam na mabili ang gustong laruan sa tapat ng paaralan?

Pero nagawan ko ng paraan, nakipaglaro na lang ako sa mga kaklase kong may dalang laruan.

Pagdating sa klasrum, inihanda na niya ang pisara.

Inayos niya ang mga upuan.

Nagsulat sa mahabang pisara. Numero ang mga unang isinulat ni Nanay. Maraming-maraming numero. Inihanda rin niya ang flashcards.

Tapos tinakpan ng bulaklaking kurtina ang kaniyang mga isinulat.

Habang ako, medyo inaantok pa talaga sa kaniyang mesa na gamit namin sa tanghalian. Nasa mesa na binalutan ng plastik ang picture ko noong Kinder pa ako.

"Suwerte mo, Sid, kasi titser ang nanay mo! Di ka nahuhuli sa paaralan!"

Naisip ko, mas suwerte ang ibang bata sa aming paaralan. Hatid-sundo sila ng kanilang nanay, tatay, lola, at lolo.

Teka, ano ba ang pakiramdam ng hatid-sundo sa paaralan?

Iyong pumasok sa paaralan nang hindi napakaaga. At umuuwi nang hindi huling-huli.

"Pumunta ka na sa klasrum mo, Anak" utos ni Nanay. "Dalin mo na ang pagkain mo sa rises. Masarap ang tanghalian natin mamaya," dugtong ni Nanay.

Paano kaya naging masarap ang tanghalian namin e, iyon din naman ang agahan namin kanina.

Kahit sandali, nagawan ko ng paraan dugtungan ang tulog ko.

Mahirap din na titser ang nanay. Hindi puwedeng hindi siya kilala ng titser ko. Lalong hindi rin puwedeng hindi siya kilala ng aming prinsipal.

Kaya hindi puwedeng maging maingay ako sa klase.

Hindi puwedeng hindi ako makinig sa aralin.

Hindi puwedeng hindi ko gawin ang assignment.

Hindi puwedeng magkaroon ako ng kaaway.

Buti na lang, lagi kong nagagawan ng paraan na hindi mangyari ang mga ito.

Kung hindi siguro titser si Nanay, puwedeng maging maingay ako sa klase kung minsan.

Puwedeng hindi muna ako makinig sa aralin.

Puwedeng makalimutan kong gawin ang assignment ko.

Puwedeng magkaroon ako ng kaaway kahit isa.

Pero hindi talaga puwede ang lahat ng ito kasi titser ang nanay ko.

Pagdating ng tanghalian, bumalik ako sa klasrum ni Nanay. Nilatagan niya ng manila paper ang kaniyang mesa na may picture ko.

Isa-isa na niyang binuksan ang aming mga baunan ng pagkain.

Kasalo ko si Nanay sa tanghalian.

"Sino walang ulam ngayon?" biglang nagtanong si Nanay.

Binigyan niya ng adobo ang isang mag-aaral na walang ulam. Sarap na sarap ang bata sa dumating na ulam sa takip ng kaniyang baunan.

Nagawan ng paraan ni Nanay na magkaulam ang bata.

Pagbalik ko sa klasrum namin, “Suwerte mo, Sid, titser ang nanay mo! Lagi kang may baong tanghalian, lagi mo pang kasalo ang iyong nanay,” sabi ng isang kaklase.

Hindi nila alam, mahirap ding titser ang nanay. Hindi puwedeng mamili ng ulam. Hindi puwedeng bumili ng ibang ulam sa kantin.

Marami ang hindi puwede kapag titser ang nanay mo. Kasi kapit-klasrum ko lang ang nanay ko.

Naisip ko, ano kaya kung hindi titser ang nanay ko? Hindi siguro ako kasama sa pagbubukas ng gate ng paaralan.

May naghahatid siguro sa akin sa paaralan.
Mayroon din siguro akong baon na pera.
Nakakabili siguro ako ng pagkain na gusto ko sa kantin.
Nakakapili ng ulam na gusto ko kapag tanghalian.
Higit sa lahat, may sundo rin siguro ako pagdating ng uwian.

Pagdating sa hapon, kahit tapos na ang klase ko, sabay uli kaming umuwi ni Nanay. Kailangang hintayin ko pa siya.

Ako ang pinakamaagang bata sa aming paaralan. Ako rin ang pinakahuling umuwi. Pinakamalungkot talaga ang maiwang bata sa paaralan. Lalo na kapag wala na akong nakikitang bata sa aming malaking paaralan.

“Gawin mo na ang mga assignment mo, Sid,” utos ni Nanay. “Tuturuan ko lang bumasa itong isang student ko,” dagdag niya.

Nagagawan ng paraan ni Nanay kapag may mga student siyang nahihirapan pang makabasa.

Siguro naglalaro na ang mga batang nakauwi na sa kanilang bahay. Suwerte nila!

Pag-uwi sa bahay, wala na akong naaabutang palabas na kartun sa telebisyon. Balita na lamang na pangmatanda. Pagod na pagod si Nanay.

Walang araw na hindi umuuwing pagod ang si Nanay. Kung minsan, nakakatulog na siya agad sa sofa kahit nakasuot pa ang uniporme niya. Ginagawa ko ang lahat ng paraan para hindi na ako isipin pa ni Nanay. Ako na ang bahala sa sarilli ko.

"Suwerte mo, Sid, kasi titser ang nanay mo!" Laging may nagtuturo sa 'yo!"

Di nila alam, may lihim akong problema.

Mahina ako sa Math. Malaki talaga ang problema ko sa Math. Nahihirapan ako sa Math. Pakiramdam ko nga, naiiwan na ako ng mga kaklase ko sa Math.

Hindi ko alam kung paano gawing madali lang ang Math. Hindi ko ito masabi kay nanay kahit alam kong nagtuturo rin siya ng Math. Kahit alam kong sisiw na sisiw lang kay nanay ang Math.

"Kayang-kaya mo 'yan, Anak!" sabi ni Nanay nang makita niyang nakakunot ang noo ko.

"Sid, turuan mo itong isang student ko, multiplication muna ang ituro mo," utos ni Nanay isang hapon nang nasa klasrum kami. Tinuruan ko ang isang student ni Nanay.

“Thank you, Kuya Sid!  Bukas ulit, ha?” sabi ng student ni Nanay na tinuruan ko.

Tuwang-tuwa ako noon!

“Sid, ikaw na magtsek nitong quiz ng mga student ko, division ito,” utos ni Nanay isang hapon uli.  Mabilis kong natapos na tsekan ang mga papel!  Nagawan ko ng paraan na mabawasan ang trabaho ni Nanay.

Naisip ko, kailangan ko rin palang mag-review ulit sa Math para makaya ko ang mas mahihirap na formula.   Hindi ko pa rin pala alam ang akala ko ay alam ko na.  Nagawan ko ng paraan ang problema ko sa Math.

Mahirap na magkaroon ng nanay na isang titser.  Dahil inaasahan na honor ka rin dapat.

Iyon ang kaibahan sa akin, kahit titser ang nanay ko, hindi ako honor, hindi rin naman bagsak, sakto lang!

Sa pitong taong nag-aaral ako mulang Kinder hanggang Grade 6, wala nakatalo sa aking pagiging maagap!

Most Punctual uli ang sabit ko sa Recognition Day sa pinakahuling taon ko sa elementarya.

Lagi kong problema kapag malapit ng tawagin sa mikropono ang pangalan ko, kung aabot ba si Nanay sa bago ako pumanhik sa stage.

Abala kasi siya sa pag-aasikaso ng mga mag-aaral niya.

Pero laging nagagawan ng paraan ni Nanay na makaabot sa tabi bago ako sa pumanik sa stage.

“Most Punctual uli tayo, Sid!” laging bati sa akin ni Nanay.

Inilagay niya sa dibdib ko ang ribon ng pagiging Most Punctual.

Pero ngayon, may karugtong, “Ito na ang huling taon mo sa ating paaralan, Sid, wala na akong kasama, wala ng tutulong sa akin. High school ka na!”

Pagkababa namin ng stage, isang kaklase ko ang bumati sa akin.

“Suwerte mo, Sid, titser ang nanay mo!” Di pala nakarating ang nanay niya.

Ito na ang pinakahuling araw na umuwi ako kasama si Nanay. Nilingon ko ang gate ng paaralan na kami ni Nanay ang nagbukas sa loob ng pitong nag-aral ako sa elementarya.

Problema ko na uli si Nanay na isang titser.

Iniisip ko, sino na ang makakasama niya papasok at pauwi sa paaralan sa susunod na pasukan?

Sa susunod na pasukan, ito ang gagawan ko ng mga paraan. #